CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 12, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Sama-samang Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang Inisyatibo sa Pagkakapantay-pantay at Rekonsilyasyon sa Lahi – Paunang Ulat

Nakabalangkas sa ulat ang 107 pagkilos upang isulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi

Long Beach, CA – Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkaisang bumoto noong Agosto 11, 2020 upang aprubahan ang Inisyatibo ng Pagkakapantay-pantay at Pagkakasundo sa Lahi – Paunang Ulat.

“Ang Long Beach ay gumawa ng malaking hakbang patungo sa pagbuwag ng sistematikong rasismo at pagpapaunlad ng hustisya at pagkakapantay-pantay,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Sa pakikipagtulungan sa aming lokal na komunidad, gagawa kami ng isang malusog na kapaligiran upang suportahan ang mga pamilya, gawing ligtas ang aming mga kapitbahayan para sa lahat, at pagbutihin ang mga resulta ng edukasyon para sa lahat ng aming mga mag-aaral.”

Ang inisyatibo ay sumunod sa isang apat na hakbang na proseso na kilala bilang Framework para sa Pagkakasundo: upang kilalanin ang pagkakaroon ng sistematikong rasismo sa ating komunidad, pakinggan ang mga account at karanasan ng mga miyembro ng ating komunidad sa hindi pagkakapantay-pantay, makipagtulungan sa mga stakeholder upang mahugis ang patakaran, at simulan ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa lungsod.

Ang inisyatibo ay inihatid ng Miyembro ng Konseho na si Rex Richardson, na kasamang inisponsor ni Vice Mayor Dee Andrews, Miyembro ng Konseho na si Jeannine Pearce at Miyembro ng Konseho na si Al Austin at inaprubahan ng buong

Konseho ng Lungsod noong Hunyo 9, 2020, para sa mga kawani ng Lungsod na lumikha ng isang proseso ng pakikinig at mga rekomendasyon sa Konseho ng Lungsod upang matugunan ang sistematikong rasismo. Noong Agosto 11, ang buong Konseho ng Lungsod ay bumoto upang pormal na magpatibay at aprubahan ang paunang ulat na binago ng Konseho.

“Ang makasaysayang pagkilos kagabi ay kumakatawan sa isang pagyakap sa pagkakapantay-pantay ng lahi bilang pangunahing pilosopiya at gabay na prinsipyo sa aming pagpapasya,” sabi ng miyembro ng konseho na si Rex Richardson. “Hindi ito ang katapusan ng isang proseso, ngunit ang simula ng isang pagbabago. Nakatuon ang Long Beach upang matiyak na ang bawat miyembro ng aming komunidad, anuman ang kanilang lahi o zip code, ay maaaring mabuhay, magtrabaho, matuto at umunlad sa isang malusog at ligtas na komunidad.”

Nakadetalye sa ulat ang mga aksyon upang matugunan ang anti-Itim na rasismo, isulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi, at paglikha ng isang pangitain para sa hinaharap ng Long Beach kung saan ang lahi ay hindi ginagamit na pagtukoy ng mga kinalalabasan ng lipunan at ekonomiya. Ang mga layunin at estratehiya ng paunang ulat ay nagsasama ng mga aksyon na may kaugnay sa gobyerno/imprastraktura, pampublikong kaligtasan at pagpupulisya, pag-iwas ng karahasan, pagkakapantay-pantay sa kalusugan at pagsasama sa ekonomiya. Sa Kabuuan, ang plano ay bumubuo ng 21 natatanging estratehiya at 107 potensyal na mga plano sa pagkilos.

Ang Lungsod ay nagsagawa ng 13 sesyon ng pakikinig at apat na town hall sa komunidad bilang parte ng pangalawang hakbang sa framework. Ang Cal State Long Beach ay nakipagtulungan sa Lungsod upang pag-aralan ang data na nakolekta mula sa mga sesyon ng pakikinig, at daan-daang mga tugon sa sarbey ng mga miyembro ng komunidad at kawani ng Lungsod ay isinama din. Ang mga tugon at puna ay nakadirekta sa mga layunin at estratehiya ng ulat.

Ang mga kawani ng Lungsod susulong ngayon upang makabuo ng mga estratehiya sa pagpapatupad na kasama ang detalyadong mga aksyon, pagkakakilanlan ng mga mapagkukunan ng pagpopondo at mga oras para sa pagkumpleto, bilang karagdagan sa paglikha ng masusukat na mga benchmark para sa patuloy na pagtatasa upang suriin ang pag-unlad. Ang Lungsod ay patuloy na makikipagtulungan sa komunidad at

mas malawak na network ng stakeholder upang magbahagi ng mga pagbabago sa pag-unlad at mga pagkakataon para sa pagbigay ng puna at pakikipagtulungan.

Ang mga komento at rekomendasyon ay maaaring ipadala sa Opisina ng Equity sa pamamagitan ng pag-email sa EquityLB@longbeach.gov.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

###